Opisyal na lathalain ng DA-Agricultural Training Institute
Regional Training Center - CALABARZON

# SIKLAB

Ika-13 na Isyu | Enero - Hunyo 2023



**"Hangga't maaari ay pag-aralan natin kung ano pa ang mga bagay na mas makabubuti pa upang mapaunlad ang ating pagsasaka at gumanda ang ating kabuhayan."**

## - G. Michael Castro

Farm Owner, Skilled Farming School
Learning Site for Agriculture in Padre Burgos, Quezon

# MGA NILALAMAN


**2** Patnugutan at Nilalaman

**3** DA-ATI CALABARZON, May Bagong Talagang Center Director

**3** ATI Anniversary, Ipinagdiwang ng DA-ATI CALABARZON

**4** Mga Katuwang ng DA-ATI CALABARZON, Sinanay ukol sa Radio Broadcasting

**5** Tatlong Radyo Eskwela, Napapakinggan na sa CALABARZON

**6** Pagsuong sa Agos ng Buhay: GeoJim Aquafarm Story

**8** Mga Butil ng Tagumpay ni Michael Castro

**10** Trilohiyang Kwento ng Pakikipagsapalaran at Pag-asenso

**12** Pag-aalaga ng Baboy, Abot-kaya sa Sustenableng Pamamaraan

**14** CDMS, Wagi sa Ikalawang In-House Assessment ng DA-ATI CALABARZON

**15** Pagtatapos sa SDC Track Course ng mga AgriLEADERS ng CALABARZON

**15** 30- Sow Multiplier at Techno Demo Farm, Itatayo sa Silang, Cavite

**16** 1st Semester Accomplishment Report for 2023



## Patnugutan

TAGAPAYO:
*Rolando V. Maningas, PhD*

PUNONG PATNUGOT
*Sherylou C. Alfaro*

TAGAPAMAHALANG PATNUGOT:
*Jamila Monette B. Balmeo*

Mga Manunulat:
*Maridelle G. Jaurigue*
*Janine L. Cailo*
*Jamila Monette B. Balmeo*
*Hans Christopher C. Flores*
*Vira Elyssa L. Jamolin*
*Soledad E. Leal*
*Jene Michelle DR. Macalagay*
*Tiarra Dela Cruz (BFAR Region 4A)*

Disenyo/Layout:
*Eleazar C. Abestado*



Opisyal na lathalain ng DA-Agricultural Training Institute
Regional Training Center - CALABARZON
SIKLAB

*Ang pahayagang ito ay naglalaman ng impormasyon ukol sa mga pagsasanay at iba pang gawaing pang-ekstensyon na isinagawa ng Department of Agriculture - Agricultural Training Institute CALABARZON sa loob ng isang semestre.*

*Maaaring magbigay ng komento o suhestyon sa opisyal na email: rtc_calabarzon@ati.da.gov.ph*

TRUNKLINE: (046) 419 - 0210 WEBSITE: ati2.da.gov.ph/ati-4a E-mail: rtc_calabarzon@ati.da.gov.ph @aticalabarzon

# DA-ATI CALABARZON, May Bagong Talagang Center Director

*Maridelle G. Jaurigue, Information Officer III*



**Batangas Province –** Nanumpa ang bagong talagang Training Center Superintendent II/Center Director ng Department of Agriculture-Agricultural Training Institute (DA-ATI) CALABARZON Dr. Rolando V. Maningas sa harap ni Director Remelyn Recoter noong ika-9 ng Enero 2023.

Kasabay ni Dr. Maningas na nanumpa si Bb. Marian Lovella A. Parot, itinalaga bilang Training Specialist II, at Bb. Lovely S. Ravelo, Admin Aide VI. Isang selebrasyon ang pinagsaluhan ng mga kawani ng DA-ATI CALABARZON para sa mga kasamahan, na nakapailalim sa unang pagpupulong o *General Staff Meeting* ng ahensya para sa taong 2023.

Samantala, sa unang pagpupulong na ginanap sa DA-ATI CALABARZON Training Hall noong ika-10 na Enero, 2023, ipinahayag ni Dr. Maningas ang taos-pusong pasasalamat sa mga sumusuporta sa kanyang mga adhikain at hiningi ang patuloy na pakikiisa ng bawat kawani para sa mga nais pa niyang makamit para sa buong DA-ATI CALABARZON. Ibinahagi rin ni Dr. Maningas ang mga pagsubok at tagumpay na kanyang kinaharap bago maitalaga sa kanyang posisyon upang magsilbing inspirasyon sa bawat isa na patuloy na mangarap at magsumikap.

Inilatag din ni Dr. Maningas ang mga bagong polisiya at mga nais niyang tutukan ng bawat *section* at *unit* para sa unang semestre ng taong 2023. Naging pokus ng pagpupulong ang pagpa-plano ng mga pagsasanay at gawaing pang-ekstensyon ng buong ahensya sa ilalim ng iba't ibang *banner programs* para sa FY 2023.

# ATI Anniversary, Ipinagdiwang ng DA-ATI CALABARZON

*Soledad E. Leal, Agriculturist II*









**TRECE MARTIRES CITY, Cavite** - Idinaos ng Department of Agriculture - Agricultural Training Institute (DA-ATI) CALABARZON ang ika-36 na *Founding Anniversary* ng institusyon, na may temang "ATI LEADS: Innovate, Transform, Empower Embracing Extension Modernization for a Progressive and Sustainable Agriculture and Fisheries," noong ika-31 ng Enero, 2023 sa DA-ATI CALABARZON Compound, Brgy. Lapidario, Trece Martires City, Cavite. Nakibahagi sa selebrasyon sina: DA Regional Field Office IV-A Regional Executive Director Milo delos Reyes, na kinatawan ni Agricultural Program Coordinating Officer (APCO) G. Joselito Noceda; Kgg. Mayor Gemma B. Lubigan na kinatawan ni Bb. Maria Teresa Bergado; Office of the Provincial Agriculturist ng Cavite na kinatawan ni Engr. Ana Pamela Nova; City Agriculture Office ng Trece Martires sa pangunguna ni Engr. Lariza Vey Cabaya; Office of the City Agriculture Office ng General Trias sa pangunguna ni Bb. Nerissa Marquez; at Municipal Agriculture Office ng Naic sa pangunguna ni Bb. Elma Valenzuela. Dumating din sa nasabing pagtitipon ang Barangay Chairman ng Lapidario na si Kgg. Remegio Dilag.

Bilang bahagi rin ng pagdiriwang, isinagawa ang KADIWA Retail Selling sa pakikipagtulungan sa DA-Agribusiness and Marketing Assistance Division (DA-AMAD) sa pangunguna ni Bb. Editha M. Salvosa. Limang (5) Farmers' Cooperative and Association (FCAs) mula sa iba't ibang bahagi sa lalawigan ng Cavite ang nakiisa at nagdala ng kanilang mga produkto. Ang nasabing FCAs ay ang General Trias Dairy Raisers Multi-Purpose Cooperative, Pacheco Agrarian Reform Cooperative, Yakap at Halik MPC-Cavite, Daine 1 & 2 Farmers Association Inc. at Buklod Unlad Multi-Purpose Cooperative.







Binigyang-pugay rin ang kontribusyon ng mga kawani na nabigyan ng pagkilala ng DA-ATI Central Office para sa kanilang ipinamalas na dedikasyon sa ahensya. Narito ang tala ng mga ginawaran ng *Loyalty Award* at bilang ng taon nila sa paglilingkod:

**Limang (5) Taon**
Arnold Venzon
Renzenia Rocas
Jeffrey Mapalo

**Pitong (7) Taon**
Edwin Cerrado

**Walong (8) Taon**
Lovely Ravelo

**Siyam (9) na Taon**
Mervin Vitangcol

**Sampung (10) Taon**
Renato Ferrer

**Labindalawang (12) Taon**
Ma. Isabel Lim

**Dalawampung (20) Taon**
Gregorio Flores

Dagdag pa rito, binigyang-karangalan din si Bb. Lucina O. Desnacido para sa kanyang apatnapung taong serbisyo at si Bb. Angela S. Amoloza para naman sa tatlumpu't limang taong serbisyo.Kabilang pa sa nakatanggap ng parangal si G. Angelo H. Hernandez ng "Maagap Award" bilang pagkilala sa kanyang pagtatala ng *perfect attendance* at *punctuality* sa taong 2022. Ginawaran din ng pagkilala sina Bb. Soledad E. Leal para sa implementasyon ng Organic Agriculture Program at G. Roy Roger Victoria para naman sa Binhi ng Pag-asa Program. Bilang bahagi ng pagdiriwang, isinagawa ang tatlong (3) *Urban Agriculture (UA) Seminar Series* na pinamagatang: "Paggawa ng mga Organikong Pataba" ni G. Mervin B. Vitangcol; "Mga Natural na Pestisidyo" ni Bb. Janine L. Cailo; at "Paghahalaman Gamit ang Tubig" ni Engr. John M. Mendoza. Humigit-kumulang limampung (50) mga indibidwal ang nakilahok sa nasabing *seminar*. Ang *UA seminar series* ay *live* ding napanood sa official Facebook page ng DA-ATI CALABARZON.

*"Ngayong araw, hindi lamang ang pagkakatatag ng DA-ATI ang ating ipinagdiriwang dahil pagkilala rin ito sa mga makukulay na tagumpay ng iba't ibang ahensya at mga private extension partners na patuloy naming kasangga at kaagapay sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng ating mga magsasaka at mangingisda. Ang buong DA-ATI ay kaisa ninyo sa selebrasyon na ito!,"* saad ni Dr. Rolando V. Maningas, Center Director ng DA-ATI CALABARZON, sa kanyang mensahe. Nagpaabot din ng pagbati sa ahensya sina Dir. Remelyn R. Recoter, Director IV ng DA-ATI, at Senator Cynthia A. Villar, Chairman of Committee on Agriculture and Food.

## Mga Katuwang ng DA-ATI CALABARZON, Sinanay ukol sa Radio Broadcasting

*Maridelle G. Jaurigue, Information Officer III*




**TRECE MARTIRES CITY, Cavite** – *"Nailabas nung training yung hidden talent ng lahat. Hindi natin inaakala na kaya natin 'to - yung public speaking. Pwede pala akong resource person. And with the help of the whole team, na-discover natin sa mga sarili natin ito. So, I think ito ay very helpful, dahil ang topic natin sa radio and online broadcasting, kahit yung sa maliit na group meeting, magagamit natin yung do's and don'ts."*

Ito ang ibinahagi ni Jessica Gay Ortiz, isang Veterinarian mula sa Philippine Carabao Center (PCC) University of the Philippines Los Baños (UPLB), na isa sa 21 na kalahok ng pagsasanay ng Department of Agriculture - Agricultural Training Institute (DA-ATI) CALABARZON na "Training on Basic Radio and Online Broadcasting."

Ang mga kalahok ay sumailalim sa isang pagsasanay tungo sa pagiging isang brodkaster sa radyo at sa pamamagitan ng *online platforms*. Sa tulong ng mga eksperto, kabilang ang mismong Executive Vice President ng Kapisanan ng mga Brodkaster sa Pilipinas (KBP), G. Noel Galvez, naipaliwanag sa mga kalahok ang mahalagang gampanin ng isang responsableng brodkaster, sa paksang *KBP Broadcast Code*. Samantala, ang *media practitioner* naman na si G. Clay Hernandez ng Brigada-Batangas ang nagturo sa mga kalahok ng mga prinsipyo ng pagsusulat para sa radyo at paggawa ng komprehensibong mga balita.

Dagdag pa rito, si G. Richard Orlain, Operations Manager ng Radyo Natin Laguna naman ang nagpaliwanag ng tungkol sa mga gamit na matatagpuan sa isang simpleng *recording booth* o *local radio station*. Nagsilbi rin siyang *panelist* sa ginawang "simulation activity" ng mga kalahok kung saan ang bawat grupo ay lumikha ng 15 minutong programa na kanilang *live* na inilahad sa *recording booth* ng DA-ATI CALABARZON. Ang mga tagapagsanay na sina Bb. Jamila Monette Balmeo at Bb. Maridelle Jaurigue ay nagtalakay din ng *Introduction to Broadcasting* at *School-on-the-Air (SOA) Components*.







Tatlo sa mga kalahok ang nagsisilbing *host* ng isinasagawang *SOA programs* ng ahensya simula Mayo 2023. Si Dr. Jessica Gay Ortiz ng PCC at UPLB ang *co-host* ng SOA on Buffalo, "CaraWow! Radyo Eskwela sa Gatasang Kalabaw," si Bb. Antonette Avila ng Philippine Coconut Authority (PCA) Region IV naman ang isa rin sa *host* SOA on Coconut, "Masaganang Coco-buhayan: SOA on Coconut Production and Processing," at si Bb. Chieverly Caguitla ng DA RFO CALABARZON naman ang isa sa mga *host* ng "Palay-Aralan: Makabagong Pagsasaka sa Himpapawid."

Samantala, tumatayong n*ews correspondents* naman ng mga programa si Bb. Rowena Gacusan ng PCA Region IV, Bb. Marinella Ledesma ng PCC at UPLB at Bb. Lorraine Motas ng DA-AMIA para sa AgriPanahon *segment*.

Isinagawa ang pagsasanay sa Sentrong Pansanayan ng DA-ATI CALABARZON sa lungsod na ito noong ika-20 hanggang 22 ng Pebrero, 2023 sa pangunguna ng Information Services Section, sa pamamagitan ni Bb. Maridelle Jaurigue.

# Tatlong Radyo Eskwela, Napapakinggan na sa CALABARZON

*Jamila Monette B. Balmeo, Information Officer II*










Kilala bilang radyo eskwela o paaralan sa himpapawid, pormal na inilunsad ng Department of Agriculture – Agricultural Training Institute (DA-ATI) CALABARZON ang tatlong (3) *School-on-the-Air (SOA) programs:* sa pagniniyugan, gatasang kalabaw at pagpapalayan. Katuwang ang Philippine Coconut Authority (PCA) Region IV, inilunsad ang "Masaganang Coco-buhayan: Radyo Eskwela sa Pagniniyugan" noong ika-26 ng Abril, 2023, sa Ouan's Worth Farm, Lucena City, Quezon. Samantala, ang CaraWOW! Gatasang Kalabaw naman ay inilunsad noong ika-19 ng Mayo, 2023 sa Calungsod Integrated Farm, Tiaong, Quezon sa pakikipagtulungan sa Philippine Carabao Center (PCC) sa University of the Philippines Los Baños (UPLB). Dagdag pa rito, ang Palay-Aralan: Makabagong Pagsasaka sa Himpapawid ay inilunsad noong ika-7 ng Hunyo, 2023 sa Laguna Provincial Capitol Extension Office, Calamba City, Laguna.

Ang Masaganang Coco-buhayan: Radyo Eskwela sa Pagniniyugan ay nagsimula noong ika-25 ng Mayo, 2023 at magtatapos sa ika-28 ng Hulyo, 2023. Napapakinggan ang programa tuwing Huwebes at Biyernes (12:00 NN - 1:00 PM) sa 95.1 Kiss FM, Tagkawayan Teleradyo 101.7 FM at Channel 9 Cable TV, at tuwing Sabado at Linggo naman sa parehong oras sa Radyo Natin BonPen 102.5 FM. Sabayan din itong napapanood sa official Facebook page ng Philippine Coconut Authority Region IV at Tagkawayan Teleradyo. Layunin ng programa na maipaabot sa mga kalahok ang angkop, tamang kaalaman at mga paraan sa pagtatanim, pangangalaga, pag-ani at pag-*develop* ng iba't ibang produktong hango sa niyog.

Ang CaraWOW: Radyo Eskwela sa Gatasang Kalabaw ay mapapakinggan simula ika-27 ng Hunyo, 2023 hanggang ika-16 ng Agosto, 2023, tuwing Martes (10:00 AM - 11:00 AM) at Miyerkules (12:00 NN - 1:00 PM) sa Radyo Natin Laguna 106.3 FM at Martes at Miyerkules (12:00 NN - 1:00 PM) sa 95.1 Kiss FM. Sabayan din itong napapanood sa official Facebook page ng Department of Agriculture - Philippine Carabao Center @ UP Los Baños at Radyo Natin Laguna 106.3 FM.

Nagsimula naman ang pag-ere ng Palay-Aralan: Makabagong Pagsasaka sa Himpapawid noong ika-5 ng Hulyo, 2023 hanggang ika-25 ng Agosto, 2023 tuwing Miyerkules (10:00 AM – 11:00 AM) at Biyernes (9:00 AM – 10:00 AM) sa Radyo Natin Laguna 106.3 FM at Radyo Natin Gumaca 107.9 FM.

Ang tatlong radyo eskwela ay napapanood din sa official Facebook page at AgriStudio YouTube channel ng DA-ATI CALABARZON, gayundin sa official Facebook page ng Philippine Information Agency-CALABARZON, DA-Regional Field Office - CALABARZON, AMIA CALABARZON at DA-PhilRice Los Baños.




# Pagsuong sa Agos ng Buhay: GeoJim Aquafarm Story

*Tiarra Dela Cruz, Aquacultural Technologist (BFAR Region 4A)*

Hindi pa man sumasapit ang bukang-liwayway, masigasig nang sinisimulan ng magkapatid na Jim at Geo Fenol ang kanilang araw tangan ang pag-asa na dala ng bagong umaga. Dahil para kay Jim at Geo, ang bawat araw na dumarating ay isang bagong oportunidad upang mapaunlad ang pamumuhay ng kanilang pamilya.

Masaya at tahimik ang pamumuhay ng mag-asawang Lino at Anunciacion kasama ang kanilang anim (6) na anak sa magulong siyudad ng Muntinlupa. Ngunit noong nagretiro sa kanyang trabaho si Lino, mas pinili nilang manirahan sa payak na bayan ng Alfonso, Cavite. Dito na rin sa probinsya ng Cavite niya piniling palakihin at pag-aralin ang kanyang mga anak na sina Geo at Jim.

Nag-aaral pa lamang sa kolehiyo ay lubos na ang interes ni Geo sa iba't ibang paraan sa pag-aalaga at pagpaparami ng isdang Tilapia. Gamit ang 'social media,' nagsaliksik si Geo tungkol sa mga teknolohiyang pang-pangisdaan tulad ng *Aquaponics* at *Hydroponics*. Aniya, "*One day, magseset-up ako nito sa sarili kong lugar.*"

Dahil sa pagpupursigi at pagsusumikap, nasimulan ni Geo ang kanyang pangarap na Tilapia Farm gamit ang naipong pera mula sa kanyang huling trabaho at sa tulong ng kanyang kapatid na si Jim. "*Araw-araw aaralin namin kung paano yung magandang set-up na gagawin namin, ano yung mga ipapakain sa mga isda na ito, paano sila mabilis na lalaki at dadami. Kailangan talagang bigyang-oras ang pag-aaral dito para mag-grow ang tilapia farm namin,*" ani ni Jim.

Naging maganda ang bunga ng pagsisikap ng magkapatid na Geo at Jim nang unti-unting nakilala at kumita ang kanilang Tilapia Fish Farm. Ngunit hindi pa dito tumigil ang magkapatid nang napagsang-ayunan nila na makipagsapalaran naman sa pag-aalaga ng mga palamuting isda o *ornamental fish*.

Bago pa man dumating ang pandemya, aktibo nang nakikilahok at nanonood ng mga *online training* ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) Region 4A sina Geo at Jim. Isa sa nakakuha ng interes ng magkapatid ay ang 'E-Learning on the Breeding and Culture of Ornamental Fish.' Sa pagsasanay na ito, nagkaroon sila ng paunang kaalaman kung papaano mag-alaga, magparami at magpakain ng mga palamuting isda. Nagbukas din sa kanila ang isang oportunidad nang mapili sila upang maging benepisyaryo sa ilalim ng *Technology Demonstration* sa *Ornamental Fish*. "*Noong una wala talaga kaming maintindihan sa mga ine-explain sa amin sa pago-ornamental. Pero noong nakita na naming yung actual set-up, na-amaze kami kasi magaganda yung kulay,*" pahayag ni Geo. "*Maganda yung kulay, nakaka-relax kapag tinitingnan. Unti-unting inaaral na din namin kung paano yung tamang pag-aalaga ng ornamental fish kasi masaya kapag nakikita mo yung mga inaalagaan mo,*" ani naman ni Jim.



Bilang benepisyaryo ng kawanihan, ginawaran ng panimulang *molly, platy* at *guppy* ang magkapatid. Maliban dito, binigyan din sila ng mga *fish net*, batsa, 2.5gallon *aquarium, feeds,* trapal at *drum*. Ayon kay Geo, *"Ang suporta naman sa amin ng BFAR 4A ay todo-todo. Noong binigyan kami ng set-up halos kumpleto na, kaya ang gagawin na lang namin ay alagaan, i-maintain, i-improve at palaguin."* Buwan ng Mayo taong 2020, napagdesisyunan nila Geo at Jim na simulan ang kanilang Ornamental Fish Backyard Farm sa tulong ng BFAR Region 4A at sa pagsuporta na rin ng kanilang pamilya. Ito ay tinawag nilang GeoJim Aquafarm na mula sa kanilang pangalan.

Kahit na may pag-aalinlangan at pangamba, binuksan ni Geo at Jim ang kanilang Aquafarm sa kanilang sitio. Dahil kakaunti ang bilang ng mga nagbebenta ng palamuting isda sa kanilang lugar, ang kanilang Aquafarm ay tinangkilik ng mga tao. Kahit na sunod-sunod ang biyaya na natatanggap ng magkapatid, hindi pa rin sila nakakalimot kung saan sila nagsimula.


Ani ni Geo, *"Alam din namin yung responsibility na kaakibat sa mga ibinigay sa aming opportunity ng BFAR. Hindi namin basta puwedeng basta-bastahin lang ang pag-aalaga, kailangan din naming itong pag-aralan talaga at paghusayan para hindi naman masayang ang binibigay na assistance sa amin ni BFAR."*

Ngunit walang makakapagsabi na palaging maganda ang dala ng bagong umaga dahil kaakibat ng bawat pag-asenso ay ang mga problemang susukat sa katatagan ng isang tao. Dumating ang mahabang tag-ulan, kasabay ang malalakas na ihip ng hangin at mga kidlat na gumuguhit sa kalangitan. Napabilang sa mga nasalanta ang GeoJim Aquafarm noong sunod-sunod na dumagsa ang mga bagyo sa bansa. *"Sobrang na-heart break kami noon, nung nakita naming nasira yung trapal pond namin. Nakita na lang namin yung mga isda nasa lupa na. Nakakaiyak na nakakainis at saka sobrang nakakapang-hinayang,"* salaysay ni Geo. Pero hindi ito naging rason upang sila ay sumuko at tumigil, *"Parang napaganda pa nga kasi mas lalo naming pinagbutihan. Nagkaroon kami ng problema na dapat naming pag-isipan para masolusyonan."*

Upang hindi na maulit ang pagkaubos ng kanilang mga isda, sina Geo at Jim ay humingi ng tulong sa kanilang mga kapatid sa pagbubuo ng mga *concrete pond* na ipapalit sa kanilang mga nasirang *trapal pond*. Dahil din dito, nahikayat nila ang kanilang mga kapatid na maging parte ng kanilang Aquafarm. *"Ang pag-aalaga sa Aquafarm ang nagiging bonding namin dito. Lalabas kami dito at titingnan namin yung mga isda habang nagkakape at nagkukwentuhan. Naging solid lalo ang samahan naming pamilya,"* ang pagpapatunay ni Jim. Unti-unti rin nilang napaganda ang kanilang Aquafarm at naparami ang mga *concrete pond* sa kanilang dating bakanteng lote. Ayon kay Geo, ang pagtatayo nila ng Ornamental Fish Farm ang naging 'sole purpose' ng kanilang bakuran.







Sa kasalukuyan, kumikita na ang GeoJim Aquafarm ng ₱5,000 hanggang ₱7,000 kada buwan. Gamit ang Facebook, nakakapagbenta na rin sila ng mga *aquarium supplies, equipment* at *accessories* maliban sa isda. Dahil sa maayos at wastong paghawak ng kanilang kinikita, nakapagdagdag na din ng mga gamit at *nursery pond* sa kanilang Aquafarm. Ngunit kahit na ganito, hindi pa rin nakakalimot ang magkapatid na Geo at Jim na mag-abot ng tulong sa iba lalo na sa mga taong gusto ring mag-umpisa ng kanilang Ornamental Fish Farm. Anila, *"Kung interesado talaga yung tao na mag-alaga ng isda, bakit naman namin ipagkakait sa kanila. Dahil yung success nila ay magre-reflect din sa amin."*

Hangad ng magkapatid na palaguin at palakihin pa ang kanilang Aquafarm. Nais din nilang magtayo ng kanilang sariling Aquaponics at madagdagan ang kanilang mga *concrete pond* upang makapag-alaga rin sila ng isdang ayungin.

Alam nila Geo at Jim na marami pa silang hamon na haharapin. Ngunit hangga't kasama nila ang kanilang pamilya, mananatili silang determinado, optimistiko at mapagkumbaba sa kahit anong problemang ibabato sa kanila ng buhay. Sabi nga nila, *"Huwag po kayong matakot na sumubok sa mga bagong oportunidad na ibinibigay sa atin. I-enjoy niyo lang iyon at makikita niyo na sa bandang huli ay magiging worth it ang lahat at magiging successful din kayo."*




# Mga Butil ng Tagumpay ni Michael Castro

*Hans Christopher C. Flores, Agriculturist I*

Hindi lingid sa ating kaalaman na ang kita sa pagsasaka sa Pilipinas ay hindi sumasapat sa pangangailangan ng ating mga magsasaka. Mahirap na nga ang trabaho, ngunit kakaunti pa din ang kinikita. Marahil ito na rin ang dahilan kung bakit ang ilang mga kabataan ay hindi nahihilig sa pagsasaka. Ganitong sitwasyon din ang kinamulatan ni G. Michael "Macol' Castro. Aniya, *"Ang mga magulang ko ay magsasaka at nung buong panahon na sila ay nagsasaka, hindi naman naging maayos ang buhay namin."* Kaya nung matapos ang kanyang paglilingkod sa gobyerno bilang *Social Worker*, napansin niya na halos walang pagbabago ang pamamaraan at sitwasyon ng mga magsasaka sa kanila at muling napukaw ulit ang kaniyang atensyon sa pagsasaka. *Aniya, "Sa ngayon ako'y apat na taon pa lang nagsasaka kaya naman patuloy kong inaaral kung ano ang mga magagandang teknolohiya para kaming mga magsasaka ay kumita nang maayos, hindi lamang sa pamamagitan ng simpleng pagbubungkal ng lupa, kundi dapat makita nila yung aspeto na ang pagsasaka ay isang negosyo."*

## Ang Pagbuo ng Lugar-Sanayan sa Pagsasaka

Napagtanto ni Macol na ang isa sa mga pinakamagandang paraan upang maipaabot ang mga makabagong teknolohiya sa pagsasaka ay ang magtayo ng isang *farm school*. Kaya naman hindi na siya nag-atubili pa na makipag-ugnayan sa Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) at Department of Agriculture - Agricultural Training Institute (DA-ATI) CALABARZON. Sumailalim siya sa pagsasanay ng DA-ATI na *Training of Trainers* sa ilalim ng programang Rice Competitiveness Enhancement Fund o RCEF kung saan sinanay siya sa mga makabagong teknolohiya at pamamaraan sa pagpapalayan. Nang matapos ang kanyang pagsasanay, agad niyang itinatag ang Skilled Farming School na matatagpuan sa Padre Burgos, Quezon at Learning Site for Agriculture ng DA-ATI CALABARZON. Ito ay may misyon na makapagturo ng makabagong paraan ng pagsasaka at gabayan ang mga magsasaka sa pag-oorganisa ng samahan o kooperatiba upang madaling maipaabot sa kanila ang tulong ng pamahalaan. Ang *farm school* ay bihasa sa pagtuturo ng *Production of High Quality Inbreed Rice, Seed Certification and Mechanization*. Sa ngayon, mayroon na silang labing-limang (15) *batches* na nagtapos at naiimbitahan din silang magturo sa mga karatig-bayan.

## Mga Pagsubok na Kinaharap

Tulad nga ng nangyayari sa kwento ng karamihan, ang bawat tagumpay ay may pinagdaraanan din na pagsubok. Nakasanayan na natin na madinig na ang pagsubok sa pagsasaka ay ang pagtama ng masamang panahon o kaya'y pagkalugi dahil sa mababang presyo ng inani. Ngunit sa isang *farm school,* iba ang pagsubok na kanilang kinahaharap. Aniya, *"Isa na siguro yung attitude ng ating mga kabataan na mag-engage sa farming. Kaya nga pinipilit naming mahikayat ang mga kabataan na mag-venture sa farming at ipakita na ang pagsasaka ay gawing hindi simpleng pagsasaka, kundi ipasok dito yung element ng negosyo, para kahit papano gumanda ang buhay ng ating magsasaka at makita ng mga kabataan na may kita pala sa pagsasaka."*





*"Sa aking kapwa magsasaka, yung panahon na kinalalagyan natin ngayon ay nagbigay ng daan upang mas lalong makilala ng mga tao kung gaano kahalaga ang ating mga gawain sa pagbubukid. Nakita nila na kung walang magsasaka, walang kakainin ang sambayanan. Hangga't maaari ay pag-aralan natin kung ano pa ang mga bagay na mas makabubuti upang mapaunlad ang ating pagsasaka at gumanda ang ating kabuhayan."*

*- Michael Castro*
*Owner, Skilled Farming School*




Sa ngayon, patuloy na nagpapalaganap ng butil ng karunungan ang Skilled Farming School sa mga karatig-bayan nito. Bagama't ang pagsasaka ay isa sa mga pinakamahirap na trabaho, may mga taong pinili ang ganitong propesyon upang mahandugan ang bawat isa nang masustansya at malinis na pagkain.

## Trilohiyang Kwento ng Pakikipagsapalaran at Pag-asenso

*Tiarra Dela Cruz, Aquacultural Technologist*



***"Hindi lang naman business ang gusto ko. Ang gusto ko matuwa at ma-educate ang mga tao sa ornamental fish. Dapat makatulong tayo dahil ang pag-aalaga ng mga ito ay good for the heart. Yan ang number one target natin sa pag-oornamental..."***

*- Wenzel B. Bueno*
*Ornamental Fish Techno-Demo Beneficiary*

### Pagbabalik-tanaw

Sabay sa pagbati ng araw sa mga kapatagan at bulubundukin ay ang pagbangon ni G. Wenzel "Ka Wenzel" B. Bueno para humarap sa mga bagong pagsubok dala ng panibagong araw. Kasama ang kanyang asawa at anim na anak, magkakaagapay nilang itinataguyod ang pang araw-araw na pangangailangan ng kanilang pamilya.

Labing-anim (16) na taong gulang pa lamang si Ka Wenzel ay nahilig na siya sa pag-aalaga ng ornamental fish. Sa murang edad na ito ay naging 'working student' na si Ka Wenzel, kung saan ang pagbebenta ng mga palamuting isda sa merkado ang kanyang naging pangunahing napagkukunan ng kita. Lumaki sa Quezon City, mas piniling manirahan ni Ka Wenzel sa San Pablo City, Laguna. Dito na rin niya piniling magtrabaho at magbuo ng sariling pamilya.





Isang ulirang ama at kawani ng gobyerno, mas pinili ni Ka Wenzel na makipagsapalaran sa pagnenegosyo ng ornamental fish. Isa siya sa mga mapalad na napili ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) Region 4A noong 2017 upang maging benepisyaryo sa ilalim ng *Technology Demonstration Project* ng pag-aalaga at pagpaparami ng *Freshwater Ornamental Fish*. Nakatanggap din siya mula sa BFAR Region 4A ng mga suplay at materyales tulad ng aquarium, net, scoop net, tarpaulin, garden hose, batya, tabo at feeds. Maliban dito, ginawaran din si Ka Wenzel ng mga panimulang *guppy*, *molly* at *platy breeders*. Upang mapalawak pa ang kanyang kaalaman sa ornamental fish, dumadalo rin si Ka Wenzel ng mga pagsasanay na isinasagawa ng BFAR Region 4A. Katuwang ang kanyang dalawang anak na si Wenace at Wanze, samahan pa ng sipag at tiyaga, unti-unti nilang naparami ang kanilang mga palamuting isda.



*"Salamat po sa BFAR CALABARZON.Salamat po sa tulong ninyo at sa walang tigil ninyong pagsuporta. Maraming salamat po at hindi ninyo ako nakakalimutan…,"* ani Ka Wenzel.

## Pagharap sa Hamon ng Kasalukuyan

Abril ng taong ito, nakapagtayo si Ka Wenzel ng kanyang sariling *mini petshop* sa Brgy. San Miguel, San Pablo City, Laguna. Ilan lamang sa kanyang mga ibinibentang *ornamental fish* ay ang *guppy*, *molly*, *swordtail*, *platy at betta*. Kasabay sa pag-asenso ng kanilang kabuhayan ay ang patuloy na pagdating ng mga suliranin na sumusubok sa kanilang katatagan. Dahil sila Ka Wenzel ay dayo lamang sa kanilang lugar, hindi maiiwasan na may mga sumusubok na takutin sila sa pamamagitan ng panggugulo. Ayon kay Ka Wenzel, noong nakaraang Hulyo lamang ay nilason ang kanilang dalawang *fishpond* na naglalaman ng *ornamental fish breeders*. Kasunod naman nito ay ang intensyonal na pagbasag sa kanilang mga panindang *aquarium* at ang pagnanakaw hindi lang sa kanilang mga isda kung 'di sa iba pa nilang alagang hayop.

Mahirap man, nagawa pa rin ni Ka Wenzel na walang pagod na harapin ang mga problema at patuloy na lumaban para sa ikabubuti at ika-giginhawa ng buhay ng kanyang pamilya.

## Para sa kinabukasan





Katulad ng ibang tao, dumanas din ng hirap sila Ka Wenzel dulot ng pandemya. Ngunit hindi ito naging hadlang upang hindi niya masuportahan ang araw-araw na pangangailangan nilang lahat. Dahil sa pagiging likas na mapamaraan, humanap si Ka Wenzel ng paraan upang patuloy na makapaghain ng pagkain sa kanilang hapag. Isa na dito ay ang pagbibigay ng palamuting isda kapalit ang ilang gulay sa kanyang mga suking mamimili. Ginawa din niyang daan ang pandemya upang dumami ang kanyang mga parokyano. Dahil karamihan sa mga tao ay nasa kani-kanilang mga tahanan at walang mapaglilibangan, kinuha niya ang oportunidad na ito upang maibahagi sa mga tao ang 'stress relieving effect' na dulot ng pag-aalaga ng *ornamental fish*. Ngunit hindi niya ginawang dahilan ang pandemya upang taasan ang presyo ng kanyang mga palamuting isda. Aniya, mananatiling pang-masa ang presyo ng kaniyang mga binebentang isda.

Sa kasalukuyan, kumikita si Ka Wenzel ng mahigi't kumulang na ₱15,000 hanggang ₱25,000 kada buwan. Dahil dito, mayroon nang naipundar na motorsiklo si Ka Wenzel na ginagamit nila upang makapagdala ng kanilang mga palamuting isda sa kanyang mga suki. Nakapag-dagdag na rin siya ng mga *aquarium accessories* sa kanyang *petshop*. Bilang dagdag kita, nag-aalok din siya ng *Aquascape services* sa kanyang mga kliyente.

Hangarin ni Ka Wenzel na makapagpatayo ng mga *concrete tanks* para mapalago pa ang kanyang negosyo. Ninanais din niya na makapaglagay ng *aquaponics set-up* na maaring makatulong pa upang maiangat ang kanilang pamumuhay.

Si Ka Wenzel, kasama ang kaniyang buong pamilya ay isang halimbawa o modelo na dapat nating tularan -- na sa kahit anong dagok sa buhay ay nagagawa pa ring maging matatag, mapamaraan at patas sa kanyang kapwa. Aniya, "*Sipag, tiyaga at kaunting pasensya ang kailangan… Maging patas sa pagbebenta at wag matakot sumubok ng bago o naiibang negosyo."*

# Pag-aalaga ng Baboy, Abot-kaya sa Sustenableng Pamamaraan

Janine L. Cailo, Information Officer II





Ang pag-aalaga ng baboy ay isa sa pangunahing industriyang pinagkakakitaan, partikular sa rehiyon ng CALABARZON. Ayon sa datos mula sa Philippine Statistics Authority, ang CALABARZON ang may pinakamataas na populasyon ng baboy sa mga rehiyon, na umabot sa 1.31 milyong ulo noong ika-31 ng Marso, 2023. Dahil dito, ang pag-aalaga ng baboy ay ang pangunahing kabuhayan ng maraming pamilya mula sa mga rural na pamayanan.

Bagaman ang pag-aalaga ng baboy ay may malaking hatid na dagdag kita, pansariling konsumsyon man ito o hanapbuhay sa isang pamilya, marami pa ring mga hamon ang pag-aalaga ng baboy tulad na lamang ng mataas na presyo ng pagkain, hindi kaaya-ayang amoy, mababang presyo ng *live weight* at pagtatapon ng mga dumi ng mga hayop.

Upang matugunan ang mga hamong ito, ang programa ng Department of Agriculture - Agricultural Training Institute (DA-ATI) CALABARZON na Sustainable Pig Farming (SPF) o mas kilala rin sa tawag na "Babuyang Walang-Amoy" ang ibinahagi at tinuro sa mga pamayanan sa rehiyon at isa na sa yumakap sa programang ito ang bayan ng Dolores sa lalawigan ng Quezon.

## Pinagdanlayan Natural Pig Farmers Association



Mula sa dalawampu't limang (25) mag-aalaga ng baboy sa komunidad ng Dolores, Quezon ang bumubuo sa apat (4) na taong gulang na samahan na Natural Pig Farmers of Pinagdalayan, Dolores, Quezon. Nagsimula ang grupo mula sa kanilang makabuluhang pagsasama na dalawampung (20) linggong pag-aaral na Farmers' Field School (FFS) on SPF noong Oktubre 2018. Ang nasabing programa ay kolaborasyon ng DA-ATI CALABARZON kasama ang Panlalawigang Beterinaryo ng Quezon at lokal na pamahalaan ng Dolores. Isinusulong ng mga nasabing opisina ang pagpapalaganap ng SPF.

*"Habang kami ay nag-aaral ay nag-aaktwal kami sa gabay ng mga taga Office of the (Provincial) Veterinary na siyang nagbibigay ng lecture at nag-guide sa amin,"* ayon sa pangulo ng samahan na si Gng. Francisca de Liso, animnapu't limang (65) taong gulang. Maituturing nila na ang isa sa kalakasan ng kanilang samahan ang matibay na pagsasama, kooperasyon at pagkakaisa.

Simula noon ay patuloy na isinasagawa ng mga miyembro ang kanilang napulot na mga aral sa kanilang pag-aalaga ng baboy sa kanilang bakuran. Mula sa kanilang mga inisiyatibo sa kanilang komunidad, ang kanilang samahan ay nagkaroon ng makinarya at tulong pinansyal mula sa iba't ibang ahensya ng gobyerno at sa lokal na pamahalaan.

## Sustenableng Pag-aalaga ng Baboy

Bagama't maituturing na ang pamamaraan ng pag-aalaga ng baboy gamit ang SPF ay matrabaho, taliwas ito para kay G. Lorencio Bautista, animnapu't tatlong (63) taong gulang, kung saan maisasalarawan niya itong maalwan. *"Maraming benepisyo ang makukuha sa pag-aalaga ng baboy sa natural na pamamaraan. Maalwan ang pag-aalaga ng baboy gamit ang SPF dahil tipid sa tubig. Ang pagkain ay ikaw na ang magtitimpla at makakasiguro kang walang kemikal,"* ani ni Lorencio. Dagdag pa niya ang kanyang pakain sa kanyang mga alaga ay mga dahon tulad ng *Trichantera*, saluyot, *talinum*, alugbati at talbos ng kamote na isinasama sa pakain. *"Kung magkasakit man ang mga baboy ay binibigayan namin ito ng LABS na aming sinasama sa painom at pagkain,"* paliwanag pa niya.



Ayon rin kay Lorencio, ang Lactic Acid Bacteria Serum (LABS) ay kanilang inihahalo din sa ipa upang hindi magkaroon ng masamang amoy na maaaring maka-istorbo at makasama sa mga katabing bahay at sa komunidad. *"Walang amoy at mga pesteng insekto tulad ng langaw ang kulungan ng baboy," aniya.* Ang LABS ay nakakatulong din upang mapalakas ang kalusugan ng alagang baboy dahil sa taglay nitong *probiotic.*

Ang mga pakain sa mga baboy ay hinahaluan ng mga natural na patabang inumin tulad ng Fermented Fruit Juice (FFJ), Fermented Plant Juice (FPJ), Fish Amino Acid o FAA. Ang FFJ at FPJ ay nakakapagbigay ng bitamina at mineral at nakakatulong sa mabilis na paglaki ng alagang baboy. Samantala, ang FAA ay mainam na mapagkukunan ng protina.

Isa sa maituturing na katangi-tangi sa pamaaraang SPF ay ang paggamit ng *deep litter system* sa pabahay ng baboy. Mula sa nakasanayang pamamaraan na semento ang gamit, sa *deep litter system* ay gumagamit ng mga natural na materyales sa sahig tulad ng ipa, s*awdust, carbonized rice hull* at *garden soil.* Ito rin ay nilalagyan ng asin upang makadagdag ng sustansya at mineral sa baboy. *"Ang aking kulungan na konkreto na pinag-alagaan ko ng fattener na feeds ang pakain ay inihingi ko ng tulong sa aking mga kasama para gawing ipa ang aking tirahan ng mga alagang baboy,"* dagdag ni Gng. Francisca. Matapos ang ilang buwan na paggamit dito, maaari itong palitan at ihalo o gamiting pataba sa mga tanim. Sa *deep litter* ay makakatipid din ng paggamit ng tubig dahil hindi kinakailangan paliguan ang mga alagang baboy at linisin ang tirahan ng mga ito. Hindi rin ito naglalabas ng hindi kaaya-ayang amoy at mainit na temperatura.

Mula sa kanilang obserbasyon sa apat (4) na taong paggamit ng pamamaraang SPF, ang kalidad ng karne ng baboy ay malaman at may manipis na taba. Ang mga alagang baboy naman ay mabilis ang paglaki at hindi sakitin. *"Hindi mahirap maibenta ang karneng SPF dahil sa magandang kalidad nito,"* ani Gng. Francisca.

## Pagpapatuloy ng Samahan tungo sa Tagumpay





Sa kasalukuyan, ang mga aktibong miyembro ng Pinagdanlayan Natural Pig Farmers Association ay mayroong programa na *paiwi* at ang mga ito ay pinalalaki sa pamamagitan ng SPF. Sa apat (4) na taon mula ng kanilang pagtatapos sa Farmer Field School (FFS), patuloy pa rin ang mga aktibong miyembro sa pakikibahagi sa samahan tulad ng paggawa ng mga *natural concoctions* at pagpapakain sa alagang mga baboy. *"Ito ay dagdag kita sa bawat miyembro ng samahan at aming napapalago ang aming hanapbuhay at samahan,"* ani Gng. Francisca.

Para sa hinaharap, ninanais ng samahan na palawigin pa ang kanilang asosasyon sa pamamagitan ng pagkalap ng mga miyembro sa kanilang komunidad na yayakap sa pamamaraang SPF para sa kanilang mga alagang baboy.

# CDMS, Wagi sa Ikalawang In-House Assessment ng DA-ATI CALABARZON

*Maridelle G. Jaurigue, Information Officer III*



**TRECE MARTIRES CITY, Cavite** - Wagi ang Career Development and Management Section (CDMS) ng Department of Agriculture - Agricultural Training Institute (DA-ATI) CALABARZON sa isinagawang ikalawang *In-House Assessment* ng ahensya.

Nasungkit ng CDMS ang unang karangalan sa *Best Paper* at *Best Poster* para sa kanilang proyektong, "Laying the Foundation through ETMCD Towards Developing New Breed of Competent and Adaptive AEWs via Knowledge Mentoring and Exchange."

Samantala, narito ang kumpletong mga nagwagi sa nasabing patimpalak:

**Best Project Poster:**

**1st place:** "Laying the Foundation through ETMCD Towards Developing New Breed of Competent and Adaptive AEWs via Knowledge Mentoring and Exchange" ng CDMS

**2nd place:** "PIA: Translating Data into Action"" ng Planning, Monitoring and Evaluation Unit (PMEU)

**3rd place:** "Optimizing Social Media for Agri-Fishery Information Dissemination" ng Information Services Section (ISS)

**Best Project Paper:**

**1st place:** "Laying the Foundation through ETMCD Towards Developing New Breed of Competent and Adaptive AEWs via Knowledge Mentoring and Exchange" ng CDMS

**2nd place:** "SOIL: Scaling Organic Certification Frontiers" ng Partnerships and Accreditation Section (PAS)

**3rd place:** "Halamanan sa Bahay Kalinga" ng PAS






Hinangaan naman ng Deputy Director ng DA-ATI na si Dir. Antonieta Arceo ang ahensya sa pagsasagawa ng nasabing aktibidad. *"Sa pag-iikot namin sa regions, kayo ang nagiging benchmark nila. Malaki ang pasasalamat ko sa inyo for this kind of activity—for your innovations,"* saad ni Dir. Arceo sa kanyang panghuling pananalita na siya ring pinuno ng mga hurado.

Malaki naman ang pasasalamat ni Center Director Dr. Rolando Maningas at ang Training Management Team na pinangungunahan ni OIC Assistant Center Director Bb. Sherylou Alfaro sa mga nagsilbing hurado o *evaluators* na sina: Dr. Ana Clarisa Mariano, Provincial Agriculturist ng Quezon; Dr. Almira Magcawas, Cavite State University Extension Director/STAARRDEC Consortium Director; at Dir. Antonieta Arceo, DA-ATI Deputy Director.

Ang ikalawang *In-House Assessment* ay ginanap noong ika-2 ng Hunyo 2023 na may temang, "Exploring Service Innovations toward a Sustainable Agriculture and Fisheries Extension."

## Pagtatapos sa SDC Track Course ng mga AgriLEADERS ng CALABARZON

*Vira Elyssa L. Jamolin, Training Specialist III*



**TRECE MARTIRES CITY, Cavite** - "I was appointed last September 2022 as the Municipal Agriculturist of the Local Government of Lumban, Laguna. Alam ko na malayo pa ang tatahakin ko at nag-uumpisa pa lang ako, pero naniniwala ako na kakayanin ko ang mga trials at challenges kasi naging part ako ng SDC Track 1-3. Thank you DA-ATI CALABARZON for the opportunity for this training course. I believe it will make me a good supervisor as well a good leader to the office I belong," ani Bb. Catherine Ranoco sa pagtatapos ng pagsasanay.

Bilang tugon sa pagpapatuloy ng mga nakatapos ng Track 1 noong nakaraang taon, ang DA-ATI CALABARZON sa pakikipag-ugnayan sa Civil Service Commission (CSC) Regional Office IV ay matagumpay na naisagawa ang apat na araw na pagsasanay ng Supervisory Development Course Track 2 na ginanap noong Pebrero 14 hanggang 17, 2023 at Track 3 noong ika- 7 hanggang ika-10 ng Marso, 2023 sa sentrong pansanayan ng ahensya sa lungsod na ito.

Layunin ng pagsasanay na pahusayin ang mga kakayahan sa pangangasiwa ng mga pangbayan at panglungsod na agrikultor mula sa iba't ibang bayan sa rehiyon at mga piling kawani ng DA Regional Field Office IV-A at DA-ATI CALABARZON upang mapanatili na nakadirekta sa pagpapalakas ng mga empleyado sa serbisyo.

Pinangunahan ni Training Center Superintendent II/Center Director Rolando V. Maningas, PhD ang pagtatapos ng dalawang kurso sa pamamagitan ng pagbibigay ng mensahe ng pasasalamat at paghamon sa mga kalahok na maging epektibong lider ng kani-kanilang opisina.

## 30- Sow Multiplier at Techno Demo Farm, Itatayo sa Silang, Cavite

*Jene Michelle DR. Macalagay, Technical Support Staff I*



**SILANG, Cavite** – Isang tagumpay para sa *hog raisers* ng rehiyon ang makasaysayang *Groundbreaking Ceremony* ng 3*0-sow Level Multiplier and Techno-demo Farm*, sa pangunguna ng Silang Livestock Agriculture Cooperative sa Barangay Litlit, sa bayang ito noong ika-27 ng Abril, 2023. Pinasinayanan ang proyekto nina Hon. Alston Kevin Anarna, Municipal Mayor ng Silang, Cavite; Dr. Ruth Miclat-Sonaco, National Director ng National Livestock Program; Dr. May M. Magno, Provincial Veterinarian ng Cavite; Bb. Adelia Poblete, Municipal Agriculturist ng Silang, Cavite; at Dr. Rolando V. Maningas, Center Director ng DA-ATI CALABARZON na nagbigay ng kaniyang pangwakas na mensahe.

Ang *30-sow Level Multiplier and Techno-demo Farm Project* ay bahagi ng *Integrated National Swine Production Initiatives for Recovery and Expansion* o *INSPIRE Project*. Ito ay isa sa mga inisyatibo ng Department of Agriculture para sa *repopulation* o pagpaparaming muli ng ating *local hog inventory* at *supply* ng *pork* o karne ng baboy.

Bukod dito, ang *multiplier farm* na itatayo sa Brgy. Litlit, Silang Cavite ay may sumusunod na layunin: Una, ang produksyon at promosyon ng maganda at mainam na *swine genetics*; Pangalawa, upang magamit ang pasilidad para sa mga pagsasanay ng mga tekniko, magsasaka, mga mag-aaral, at iba pang interesadong indibidwal; Pangatlo, para suportahan ang ating *local swine raisers*, dahil madadagdagan ang *breeders* at *breeder materials* sa tulong ng nasabing proyekto; Pang-apat, ito ay dagdag suporta sa iba pang mga programa ng DA para sa paghahayupan; at panghuli, ito ay dagdag pagkain at pangkabuhayan para sa mga katuwang na kooperatiba.

Ang proyekto ay bahagi ng DA National Livestock Program sa pakikipag-ugnayan ng DA-ATI CALABARZON, DA International Training Center on Pig Husbandry, DA Regional Field Office CALABARZON, Office of the Provincial Veterinarian ng Cavite, Pambayang Pamahalaan ng Silang, Cavite at ng Silang Livestock Agriculture Cooperative.

DEPARTMENT OF AGRICULTURE
1898
Department of Agriculture
**Agricultural Training Institute**
**Regional Training Center**
**CALABARZON**
8575 Camarino Street Brgy. Lapidario
Trece Martires City, Cavite

**(046) 419 0210**
**ati2.da.gov.ph/ati-4a**
**rtc_calabarzon@ati.da.gov.ph**
**ATICalabarzon**
**@aticalabarzon**
**@aticalabarzon**

## 1ST SEMESTER 2023 ACCOMPLISHMENT REPORT

### Rice
No. of Trainings and other Activities: **9**
No. of Participants: **353**

### Corn
No. of Trainings and other Activities: **3**
No. of Participants: **42**

### HVCDP
No. of Trainings and other Activities: **5**
No. of Participants: **102**

### Organic Agriculture
No. of Trainings and other Activities: **4**
No. of Participants: **83**

### RCEF
No. of Trainings and other Activities: **5**
No. of Participants: **146**

### Regular
No. of Trainings and other Activities: **21**
No. of Participants: **563**

### Binhi ng Pag-asa Program
No. of Trainings and other Activities: **2**
No. of Participants: **36**

### Livestock
No. of Trainings and other Activities: **11**
No. of Participants: **229**

### PAFES
No. of Trainings and other Activities: **13**
No. of Participants: **348**

### CFIDP
No. of Trainings and other Activities: **17**
No. of Participants: **568**

### NUPAP
No. of Trainings and other Activities: **17**
No. of Participants: **441**

### Other Extension Activities
No. of Trainings and other Activities: **7**
No. of Participants: **225**

Total number of
**Activities : 114**
**Participants : 3,136**